# HALIKA AT TINGNAN
# (Part 3, IMBITADO KA)
## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Alex Balatbat

Hulyo 4, 2026

Ipina-aabot ni Jesus ang isang paanyaya sa ating lahat, "Halika at tingnan." Sa pagtanggap sa paanyaya ng Panginoon, nakikita natin ang pag-ibig ng Diyos; makikilala natin Siya hindi lamang sa intelektwal, kundi makikita rin natin ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa baguhin nito ang ating buong pananaw. Dagdag pa nito, maaari nating ibahagi ang mga magagandang bunga ng ating pagtatagpo at maghikayat ng kapwa upang maranasan din nila ang ganito. Ipahayag natin si Jesus at anyayahan ang kapwa upang makita rin Siya.




1. **Ang pinagsamang karanasan sa puso ng Diyos ang nagbubuklod sa atin.**
   - 1.1. Tinanggap ng mga alagad ang paanyaya ni Jesus at nanatili sila sa Kanya. Inimbitahan Niya silang lumabas sa kanilang pang-araw araw na nakagawian at personal na maranasan ang Kanyang presensya(Juan 1).
   - 1.2. May hinahanap ang mga alagad. Noong matuklasan nila at sinundan si Jesus, hindi na sila tumigil sa pagpapahayag kung sino ang kanilang natuklasan.
   - 1.3. Ganun din, naririto tayo dahil nararamdaman natin ang pagmamahal ng Diyos. Ibahagi natin kung ano ang nagpapasaya sa atin, upang maging masaya rin ang ating mga mahal sa buhay. Makikilala natin ang ating Diyos sa pamamagitan ng ating kapwa.
2. **Ang mga alagad na gustong matuto pa ay nagtanong kay Jesus**.
   - 2.1. Nagtanong sila ng personal na tanong, "Saan po kayo nakatira?" At nagbigay si Jesus ng mapagmahal na paanyaya "Halikayo at tingnan."
   - 2.2. Kapag gusto nating makasama ang isang tao, gusto rin nating malaman ang higit pa tungkol sa kanya. Inaanyayahan din tayo ni Jesus – para makilala at mas maintindihan natin Siya.
3. **Ang pagmamahal kay Jesus ang nagbubuklod sa atin.** Tinanong ni Jesus si Pedro, "Mahal mo ba ako?"
   - 3.1. Anong dahilan bakit ibinabahagi natin si Jesus? Naniniwala tayong pare-pareho ang naging karanasan natin na mahal na mahal tayo ni Jesus.
   - 3.2. Kapag tayo ay kumbidado, "Halika at tingnan," ano ang nakikita natin sa Kanya? Ano ang nakikita Niya sa atin?
   - 3.3. Tuwing titingnan tayo ni Jesus, nakikita Niya ang Kanyang sarili. Nilikha tayo ayon sa Kanyang larawan at wangis. Kaya nga, ang nakikita ng Diyos sa bawat isa sa atin ay ang Kanyang sarili: taong punong-puno ng kabutihan, posibilidad, kadakilaan. Nasa atin na ang hinahanap natin; kilalanin natin na ang Diyos ay nasa atin.
4. **Ipagdiwang natin ang presensya ng Diyos sa atin.**
   - 4.1. Nakita ni Jesus ang Kanyang sarili sa puso ng babae sa balon.
   - 4.2. Ipaalala ni Jesus sa atin, "Hinahanap mo Ako."
   - 4.3. Isabuhay natin ang mga aral ni Jesus. Ang taong hindi nagmamahal kay Jesus ay hindi nagmamahal sa kapwa.
   - 4.4. Ang makilala si Jesus ay ang pagkakaroon ng mas malalim na pagtuklas sa ating sarili. Kailangan nating kilalanin ang ating sarili para sa gayon ay makilala natin si Jesus.
   - 4.5. Parang hindi kumpleto ang ating pakiramdam dahil may kulang. Maaaring balisa tayo dahil hindi natin nakikita si Jesus. Paano natin masasabing nakikita natin si Jesus, kung wala naman tayong pakialam sa ating kapwa sa paligid?
5. **Kapag ibinabahagi natin si Jesus sa iba, yumayabong ang pagmamahal at namumunga ng marami.**
   - 5.1. Sa sandaling nalaman natin ang tungkol kay Jesus, hindi tayo dapat huminto sa pagbabahagi sa Kanya.
   - 5.2. Dapat nating ibahagi sa iba ang ating pagmamahal kay Jesus.

**Konklusyon:**

Ipagpatuloy natin ang paghahanap sa Diyos, para siguradong mahahanap din Niya tayo. Nandito tayo dahil natagpuan na natin ang ating Diyos na may paanyayang, "Gusto mo pa ba Akong makita?"

Sa pagdiriwang ng Eukaristiya sa pagbabahagi ng tinapay, masasabi nating, nahanap na natin ang Panginoon, at sobrang excited tayo.

**Pagninilay:**

1. Ano pa ang gusto mong makita?
2. Ano ang nawawalang bahagi ng iyong pusong nananabik?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P.Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #HalikaatTingnan #ihayag #Imbitado
https;//lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1cYzZk1gWk/